Employment Development Department
State of California

SEGURO SA PAGKAWALA NG TRABAHO

Ang Seguro sa Pagkawala ng Trabaho (UI, Unemployment Insurance) ay isang programa na binabayaran ng employer na nagbibigay ng pansamantala at hindi buong panghalili sa kita kapag nawalan ka ng trabaho o nabawasan ng oras ng trabaho at natutugunan mo ang lahat ng pangangailangan upang maging kuwalipikado.

Kuwalipikado ba ako sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho?

Maaari kang maghain ng paghahabol para sa mga benepisyo ng UI kapag nawalan ka ng trabaho o nabawasan ng oras ng trabaho. Upang maging kuwalipikado para makatanggap ng mga benepisyo ng UI, kinakailangang nawalan ka ng trabaho nang hindi mo kasalanan at may pisikal na kakayanan ka para magtrabaho, handang tumanggap ng trabaho, at naghahanap ng trabaho. Para sa buong listahan ng mga pangangailangan upang maging kuwalipikado, bisitahin ang **www.edd.ca.gov/Unemployment/Eligibility.htm**.

Kailan ko dapat ihain ang aking paghahabol?

Kailangan mong isampa ang iyong paghahabol sa unang linggo kung kailan ka nawalan ng trabaho o nabawasan ng oras ng trabaho. Isasampa ang iyong paghahabol sa Linggo ng linggo kung kailan mo isinumite ang iyong aplikasyon.

Mahalaga: Ang pagpapaliban sa paghain ay maaaring magresulta sa pagkaantala ng pagbabayad ng mga benepisyo.

Paano ako maghahain para sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho?

Maaari kang maghain para sa UI sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

- **Online**
  Ang UI Online℠ ay ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan upang ihain ang iyong paghahabol sa UI. Bisitahin ang **www.edd.ca.gov/UI_Online** upang magsimula. Maaari mong ihain ang iyong paghahabol sa pamamagitan ng UI Online sa mga oras na nakalista sa ibaba:

Mga Araw ng Linggo	Available na Oras
Lunes	4 a.m. – 10 p.m.
Martes - Biyernes	2 a.m. – 10 p.m.
Sabado	2 a.m. – 8 p.m.
Linggo	5 a.m. – 8:30 p.m.

- **Telepono**
  May mga makakausap na kinatawan sa mga sumusunod na libreng numero, Lunes hanggang Biyernes mula **8 a.m. hanggang 12 ng tanghali** (Pacific Time) maliban na lang sa mga pista opisyal ng estado.

Ingles	**1-800-300-5616**	**Wikang Cantonese**	**1-800-547-3506**	**Wikang Vietnamese**	**1-800-547-2058**
Espanyol	**1-800-326-8937**	**Wikang Mandarin**	**1-866-303-0706**	**TTY**	**1-800-815-9387**

- **Fax o Mail**
  Ihain ang iyong paghahabol para sa UI sa pamamagitan ng pag-access sa dokumento ng aplikasyon ng UI sa **www.edd.ca.gov/unemployment/Filing_a_Claim.htm**. Para sa mas mabilis at mas ligtas na pagpoproseso, i-fax ang nakompletong aplikasyon sa numerong nakalista sa form. Kung ipapadala mo sa pamamagitan ng sulat ang iyong aplikasyon, gamitin ang address sa form at maglaan ng karagdagang oras para sa pagproseso.

Anong impormasyon ang kailangan ko para mag-apply?

Upang matiyak na mahahain ang iyong paghahabol sa lalong madaling panahon, kailangan mo magbigay ng personal na impormasyon, tulad ng mga pangalan na ginamit mo habang nagtatrabaho, ang iyong numero ng Social Security, ang iyong address na papadalhan ng sulat at address sa bahay, at:

- ☐ Impormasyon hinggil sa huling employer kabilang ang pangalan ng kompanya, pangalan ng supervisor, address (na papadalhan ng sulat at pisikal na address) at numero sa telepono, kahit gaano katagal ka man nagtrabaho para sa huling employer na iyon.
- ☐ Huling araw ng trabaho at dahilan kung bakit hindi ka na nagtatrabaho.
- ☐ Kabuuang kita sa iyong huling linggo ng trabaho, simula sa Linggo at nagtatapos sa iyong huling araw ng trabaho.
- ☐ Impormasyon ng lahat ng employer sa loob ng nakaraang 18 buwan, kabilang ang pangalan, address (na papadalhan ng sulat at pisikal na address), mga petsa ng pagtatrabaho, kabuuang sahod na kinita, bilang ng oras na nagtrabaho bawat linggo, rate ng bayad bawat oras, at ang dahilan kung bakit hindi ka na nagtatrabaho.
- ☐ *Notice to Federal Employees About Unemployment Insurance* (Paunawa sa mga Pederal na Empleyado Tungkol sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho), Standard Form 8 (para sa mga dating pederal na empleyado lamang)
- ☐ DD 214 Member 4 copy (para mga dating nagsilbi sa militar lamang)
- ☐ Ang iyong katayuan sa pagkamamamayan (citizenship status) at, kung ikaw ay hindi mamamayan ng Estados Unidos at nakarehistro ka sa United States Citizenship and Immigration Services (Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos), impormasyon mula sa iyong dokumentong nagbibigay ng pahintulot upang magtrabaho, tulad ng Alien Registration Number, numero ng card, at petsa ng pagkawala ng bisa (kung naaangkop).

Mayroon bang panahon ng paghihintay?

Ang lahat ng paghahabol ay mayroong isang linggong hindi binabayarang panahon ng paghihintay. Hindi maaaring magsimula ang panahon ng paghihintay hanggang sa maihain ang iyong paghahabol. Upang magamit ang panahon ng paghihintay, kailangang maging sertipikado ka para sa mga benepisyo at matugunan ang lahat ng ibang pangangailangan upang maging kuwalipikado sa linggo ng iyong panahon ng paghihintay.

Ano ang susunod na mangyayari?

Pagkatapos mo maghain, papadalhan ka ng impormasyon tungkol sa iyong paghahabol at programa ng UI sa pamamagitan ng sulat, at makakatanggap ka ng hiwalay na sulat kasama ng iyong unang *Continued Claim Form*, DE 4581 (Form sa Pinagpatuloy na Paghahabol). Makakatanggap din ang karamihan ng mga kostumer ng *Notice of Requirement to Register for Work*, DE 8405 (Paunawa ng Kinakailangan para Magparehistro para sa Trabaho), na nag-aabiso sa kanila na magrehistro para sa CalJOBS℠, ang online system sa pagpapalitan ng trabaho ng California. Tiyakin na basahin at sagutin ang lahat ng kahilingan upang maiwasan ang pagkaantala ng pagbabayad.

Paano ako magiging sertipikado para sa mga benepisyo?

Upang humiling ng mga kabayaran ng benepisyo, kailangan mong magbigay ng impormasyon sa pagiging kuwalipikado sa EDD bawat dalawang linggo. Ito ay tinatawag na pagsesertipika para sa mga benepisyo. Ang pinakamabilis na paraan upang magsertipika ay sa pamamagitan ng UI Online. Maaari ka ring magsertipika sa pamamagitan ng telepono gamit ang EDD Tele-Cert℠ sa **1-866-333-4606**, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng iyong *Continued Claim form*, DE 4581 (Form sa Pinagpatuloy na Paghahabol), nang hindi lalagpas sa petsa para sa pagpapadala na nakalagay sa form. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa **www.edd.ca.gov/unemployment/Certifying_for_Benefits_Process.htm**.

Impormasyon sa Pagbabayad

Ina-update ang impormasyon sa pagbabayad araw-araw at available ito 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo sa pamamagitan ng iyong account sa UI Online o sa pamamagitan ng pagtawag sa UI Self-Service sa **1-866-333-4606**.

Mga Madalas Itanong

- **Magkano ang ibinabayad ng UI?**
  - Ang mga lingguhang halaga ng benepisyo ay mula sa minimum na $40 hanggang sa maximum na $450 depende sa mga dati mong kita tuwing tatlong buwan.

- **Ano ang UI Online℠?**
  - Ang UI Online ay isang mabilis, ligtas, at madaling paraan upang maghain ng paghahabol, maging sertipikado para sa mga benepisyo at makita ang impormasyon tungkol sa paghahabol at kabayaran. Upang ma-access ang iyong account o upang magrehistro, bumisita sa **www.edd.ca.gov/UI_Online**.

- **Paano ako makakapagtanong tungkol sa aking paghahabol?**
  - Ang pinakamainam na paraan upang magtanong ay sa pamamagitan ng UI Online. Pagkatapos mo mag-log in, piliin ang **Contact Us (Makipag-ugnayan sa Amin)** kasama ang isang kategorya at paksa at pagkatapos ay isumite ang iyong tanong. Kapag sumagot ang EDD, aabisuhan ka sa pamamagitan ng email. Maaari ka ring magsumite ng tanong gamit ang Ask EDD sa **askedd.edd.ca.gov** o sa pamamagitan ng pagtawag sa isa sa mga numero sa telepono sa likod na bahagi ng form na ito.

Bakit ako nakaiskedyul para sa isang panayam sa telepono?

- Kung kailangan ng EDD ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong kuwalipikasyon upang makatanggap ng benepisyo, makakatanggap ka ng abiso sa pamamagitan ng sulat tungkol sa petsa, oras, at layunin ng iyong panayam sa telepono. Ang iyong pagkabigo na maging available para sa panayam ay maaaring magresulta sa pagkaantala o pagtanggi ng mga benepisyo.

Iba Pang Mga Mapagkukunan

Nagbibigay ang EDD ng komprehensibong hanay ng mga libreng serbisyo para sa muling pagtatrabaho katulong ang mga ahensiya ng estado at mga lokal na ahensiya. Ang mga serbisyong ito, na ipinagkakaloob sa buong estado sa pamamagitan ng America's Job Center of California℠ (AJCC), ay tumutulong sa mga naghahanap ng trabaho, kabataan, beterano, at taong may mga kapansanan sa pamamagitan ng mga sumusunod na serbisyo:

- Tulong sa paghahanap ng trabaho
- Mga workshop
- Impormasyon hinggil sa mga programa para sa pagsasanay
- Access sa mga telepono, Internet, mga printer, mga fax machine, at mga copy machine
- Mga listahan ng trabaho sa pamamagitan ng CalJOBS℠
- Impormasyon hinggil sa mga sahod at kalakaran
- Mga referral sa iba pang mga serbisyo at marami pang iba

Upang makahanap ng AJCC malapit sa iyo, bisitahin ang **www.edd.ca.gov/Office_Locator** o tawagan ang U.S. Department of Labor Employment and Training Administration helpline sa **1-877-US 2 JOBS (1-877-872-5627)**. Available ang impormasyon sa iba't ibang wika. Available ang access sa TTY sa 1-877-889-5627.